フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 164

Ika-17 ng Hunyo 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL:054-221-3715

## 「Kurso sa Iwas-krimen para sa mga Magulang at Anak」Pag-aralan natin habang naglilibang!

Kamakailan ang Kapulisan ng Shizuoka at kumpanya na 「*Kino-ii-hitsujitachi*」 ay gumawa ng bidyo na 「Kurso sa Iwas-krimen Para sa Magulang at Anak」. Pag-aralan natin sa bahay ang pag-iwas sa krimen habang naglilibang!!







Sa bidyo ng「Kurso sa Iwa-krimen para sa Magulang at Anak」, ipinakikilala ang laro na *kujibiki sugoroku*! Habang naglalaro, matutunan natin ang pag-iwas sa krimen!!



Halina at gawin natin ito kasama si *machineko*, tatay at nanay～♪♪

Maaaring i-download ang 「Laro na *Kujibiki Sugoroku*」 sa website ng kapulisan ng Shizuoka↓
https://www.pref.shizuoka.jp/police/kurashi/kodomo/bouhanoyako2.html

Pinagmulan: YouTube channel ng Kapulisan ng Shizuoka, Website ng Kapulisan ng Shizuoka

# Mag-ingat tayo sa panloloob at akyat-bahay!!



Madalas nating iniiwan na bukas ang bintana ngayong panahon ng tag-init. Ang mga magnanakaw ay naghihintay ng pagkakataon na maging pabaya tayo. Tiyakin natin na nakasarado at nakakandado ang pinto at bintana kapag matutulog o aalis ng bahay!!.

**Pinagmulan: Website ng Kapulisan ng Shizuoka**

## Ano ang pakakaiba ng akyat bahay at panloloob?

***Akyat-bahay***

Pagnanakaw sa bahay na walang tao.

***Panloloob***

Pagpasok sa bahay para magnakaw ng hatinggabi o habang tulog ang mga nakatira rito.

## ✧ Paano nagaganap ang akyat-bahay??

| (Sa loob ng 2018) Modus operandi ng akyat-bahay | Bahay | | Gusali ng Apartment | |
|---|---|---|---|---|
| | Kaso | Porsyento | Kaso | Porsyento |
| Binabasag ang salamin | **203** | **51. 7%** | 21 | 17. 5% |
| ※Hindi naka-kandado | 142 | 36. 1% | **72** | **60. 0%** |
| Iba pa | 48 | 12. 2% | 27 | 22. 5% |
| Kabuuan | 393 | 100% | 120 | 100% |

※Ang modus operandi ng akyat-bahay ay pumapaok sa hindi naka-kandadong pintuan o bintana



Mataas ang isidente ng pagbasag ng salamin sa mga bahay at mataas naman ang insidente ng hindi naka-kandado na bahay sa mga gusali ng apartment. Hmmmm..

**〇Lugar na madaling tudlaan**

- Maliit na bintana sa banyo
- Ikalawang palapag ng bahay
- Maliit na bintana sa kusina
- Balkonahe sa ikalawang palapag at pataas ng gusali ng apartment

**Lubos na Mag-ingat!**

**〇 Ang mga magnanakaw ay naghahanap ng mga pintuan at bintana na hindi naka-kandado!!**

**Tiyakin natin na nakasara at naka-kandado ang bintana at pinto kapag aalis ng bahay! (Bago matulog, huwag iwanan na nakabukas ang bintana at gumamit ng aircon.)**

**〇Tiyakin natin na walang lugar na matutungtungan at ma-aakyat sa paligid ng bahay!**

**〇Ipatupad ang mga hakbang upang hindi madaling makapasok ang magnanakaw tulad ng pagkakabit ng karagdagang kandado at pagdikit ng iwas-krimen na film sa bintana!**